



PARA SA: Lahat ng Empleyado sa County ng Alameda

MULA KAY: Nicholas J. Moss, MD, MPH, Tanggapang Pangkalusugan

PAKSA: Mga Gabay sa Pagbabalik sa Trabaho para sa mga Kaso at mga Malapit na Kontak

Ang Alameda County Public Health Department (ACPHD, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda) ay nakatuon sa pagtitiyak ng kalusugan at kaligtasan ng bawat isang naninirahan o nagtatrabaho sa County ng Alameda. Pinahahalagahan namin ang iyong pagsunod sa mga iniaatas ng Estado at lokal na pamahalaan para sa kaligtasan sa trabaho, kabilang ang pag-aatas ng paggamit ng mga pantakip sa mukha, pagtitiyak na ang bawat isa ay nananatiling nakalayo ng 6 na talampakan, pagsasagawa ng mga regular na pagtingin ng sintomas, at pagsuporta sa mga empleyadong may sakit sa pananatili sa bahay.

Laganap ang COVID-19 sa ating komunidad, at maaaring mayroon kang mga empleyadong nahahawaan ng virus. Ayon sa mga Utos ng Opisyal na Pangkalusugan, ang mga may COVID-19 ay inaatasang manatili sa bahay at ibukod ang sarili mula sa iba para sa itinakdang haba ng panahon – anuman ang mga sintomas o katayuan sa pagbabakuna.

Sa katulad na paraan, ang ating mga Utos ng Opisyal na Pangkalusugan ay inaatasan ang maraming taong nahantad sa COVID-19 na manatili sa bahay at mag-quarantine nang nakabukod sa iba, maliban kung natutugunan nila ang mga partikular na pamantayan.

Ang mga sumusunod na link ay dapat gamitin upang maipaalam sa mga employer ang mga kasalukuyang iniaatas pagdating sa pagbubukod ng sarili at pag-quarantine. Hinihikayat ang mga employer na sundin ang mga tagubilang matatagpuan sa mga webpage sa ibaba kapag nagpapasya kung/paano gagamitin ang mga pagsusuri sa COVID-19 para malaman kung ang isang empleyado ay maaari nang bumalik sa trabaho.

- Ang mga kasalukuyang tagubilin sa pagbubukod ng sarili at pag-quarantine para sa pangkalahatang publiko ay matatagpuan sa sumusunod na webpage: <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine>
 - **Tandaan:** Ang ilang lugar na pinagtatrabahuhan ay may mga iniaatas o gabay na partikular sa industriyang iyon (hal., mga paaralan, medikal na pasilidad, koreksiyonal na pasilidad) at dapat maghanap ng karagdagang impormasyon ang mga employer mula sa mga Utos ng Opisyal na Pangkalusugan na may link sa ibaba.
- Maaari mong mahanap ang aming mga Utos ng Opisyal na Pangkalusugan para sa Pagbubukod ng Sarili at Pag-quarantine dito: <https://bit.ly/AC-HOO>
- Ang mga lugar na pinagtatrabahuhan ay kailangan ding panatiliing nasa kasalukuyan at sundin ang mga iniaatas ng Cal/OSHA na matatagpuan dito: <https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/>

Ang ACPHD ay hindi nagbibigay ng mga liham ng pagpapahintulot (clearance letter) para bumalik ang mga tao sa trabaho at hindi rin nito ipinapayo ang mga tala mula sa mga doktor o medikal na tagapagkaloob (provider). Kung ginagamit ang pagsusuri para sa COVID-19 para malaman kung ang isang taong kilala nang



Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department
www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

mayroong COVID-19 ay maaaring umalis sa pagkakabukod ng sarili pagkatapos ng 5 araw, dapat gamitin ang pagsusuring antigen. Ang mga pagsusuring PCR/NAAT ay maaaring manatiling positibo ng ilang linggo hanggang sa ilang buwan pagkatapos ng impeksyon, ngunit hindi nagpapahiwatig na ang isang tao ay apektado pa rin o nakakahawa. Ang pagkuha ng negatibong pagsusuring antigen ay inirerekomenda lamang kung ang isang indibidwal ay aalis sa pagkakabukod ng sarili bago ang Ika-11 Araw. Ang isang taong positibo sa COVID-19 ay nakumpleto ang 10-araw na pagkakabukod ng sarili at natugunan ang mga pamantayan sa sintomas (walang sintomas/nareresolba ang mga sintomas at walang lagnat), hindi namin inirerekomenda ang karagdagang pagsusuri, at ang pagsusuri ay HINDI dapat iatas para makabalik sa trabaho.

Salamat sa inyong pakikipagtulungan at sa mahalagang papel na inyong ginagampanan sa pagpapanatiling ligtas ng ating mga komunidad.